**Tiong Se Academy, Inc.**

*708 Sta. Elena St., Binondo, Manila*

Senior High School

# Pagsusuri sa Balbal na Pananalita sa Pang Araw-araw na Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Tiong Se Academy Taong 2024-2025

Isang Pananaliksik na Iniharap sa
Kagawaran ng Filipino

Bilang Bahagi ng Pinal na Pangangailangan sa Asignaturang
Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

Mark Bricks M. Gamba
Veron Philip T. Basilio
Lixaowie A. Cua

Baitang 11 - HUMSS & STEM

Enero - Marso 2024

**Pabalat**
**Talaan ng Nilalaman** 1
**Paghahandog** 2
**Pasasalamat** 2
**Listahan ng mga Talahanayan at Grap** 3

**Kabanata 1 - Ang Suliranin at Kaligirang Pangkasaysayan** 4-9

A. Panimula
B. Kaligiran ng Pag-aaral
C. Paglalahad ng Suliranin at Hipotesis
D. Balangkas Konseptwal
E. Balangkas Teoretikal
F. Kahalagahan ng Pag-aaral
G. Saklaw at Limitasyon
H. Kahulugan ng mga Termino

**Kabanata 2 - Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura** 10-13

A. Lokal na Literatura
B. Lokal na Pag-aaral
C. Banyagang Literatura
D. Banyagang Pag-aaral

**Kabanata 3 - Metodolohiya** 14-18

A. Disenyo ng Pananaliksik
B. Pamamaraan ng Pagpili ng Respondente
C. Instrumento ng Pananaliksik
D. Pamamaraan sa Pagkalap ng Datos
E. Pagsusuri ng mga Datos

**Kabanata 4 - Presentasyon, Analisis, at Interpretasyon ng mga Datos** 19-27

**Kabanata 5 - Mga Natuklasan, Konklusyon at Rekomendasyon** 28-30

**Bibliograpiya** 31

**Paghahandog at Pasasalamat**

Ang mga mananaliksik ay taos pusong nagpapasalamat sa mga taong nakisama at sumuporta sa paggawa at paglilimbag ng pag-aaral na ito.

Sa mga butihing guro sa sina Bb. Ecila Mendoza at G. Bench Febra na gumabay sa pananaliksik at naghandog ng kanilang karanasan.

Sa mga respondente na nagbigay ng kanilang oras, opinyon, at pahayag upang magkaroon ng datos.

Sa aming eskwelahan na nagbigay ng kanilang mga pasilidad na ginamit upang mas mapadali at mapabilis ang pananaliksik.

At higit sa lahat, sa Maykapal na nagbigay ng walang katapusang biyaya sa amin upang maging matagumpay ang proyekto.

Mark Bricks M. Gamba

Veron Philip T. Basilio

Lixaowie A. Cua

## Listahan ng mga Talahanayan at Grap


**Pigura Bilang 1** “Profayl ng mga Respondente”

**Pigura Bilang 2** “Mga Ginagamit na Balbal na Pananalita ng Baitang 7-10”

**Pigura Bilang 3** “Pinagmulan ng Mga Balbal na Pananalita na Ginagamit ng Baitang 7-10”

**Pigura Bilang 4** “Tagpuan ng Paggamit ng mga Balbal na Salita ng Baitang 7-10”

**Pigura Bilang 5** “Kadalasan ng Paggamit ng Baitang 7-10 sa Mga Balbal na Salita”

**Pigura Bilang 6** “Epekto ng Balbal na Pananalita sa Pang Araw-araw na Buhay ng Baitang 7-10”

# Kabanata 1

## Ang Suliranin at Kaligirang Pangkasaysayan

### Panimula

Ayon kay A. Noval (2020) “Sinasabi ng maraming mananaliksik at dalubwika na ang wika ay dinamiko”. Umaalinsabay ito sa mabilis na pag-inog ng mundo sang-ayon sa mga pangangailangan ng lipunan at ng sitwasyong pangwika.” Maipapakita na ang wika ay pabago bago at nakabatay lamang sa kaligiran at kultura nito. Mula sa pormal at malalim na mga pananalita, unti-unting mas naging komportable ang mga tao sa kanilang sari-sariling wika. Dito nagsimulang umusbong ang balbal na pananalita o tinawag na *slang* sa ingles.

Sa panahon ngayon, mas umusbong na ang paggamit ng balbal na pananalita bilang paraan ng modernong komunikasyon. Mula sa mga orihinal na mga salita, ang mga bagong henerasyon ay binabago ito upang maging mas madali ito o magpatawa. Habang tumatagal, mas marami na ang mga salitang nagagawa. Sa konteksto ng edukasyon, maaaring magamit ang mga balbal na pananalita upang mas makaunawa ang mga kabataan at mas maaliw ang pang-edukasyong karanasan.

Madalas maririnig at nagagamit ang pananalitang ito sa karaniwan lamang na mga interaksyon na maaaring magdala ng aliw. Kaya naman kahit sa mga kabataan at sa kahit saan man ay na laganap pa rin ang modernong paraan ng pananalita na ito. Mula sa mga paaralan tulad ng Tiong Se Academy Inc., hanggang sa buong Pilipinas pati na rin sa buong mundo, nagkakaroon ng presensya ang paraang ito.

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Ang wika ay isang pundasyon ng komunikasyon at interaksyon ng tao. Habang ang pamantayang wika ay nagsisilbing opisyal na daluyan ng komunikasyon, ang diyalekto, kolokyalismo, at salitang balbal ay nagpapayaman sa lingguwistikong tanawin. Ang paggamit ng salitang balbal ay isang mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon, lalo na sa mga kabataan, kung saan ito ay nagsisilbing isang paraan ng pagpapahayag ng pagkakakilanlan at pagiging kabilang sa isang partikular na grupo. Gayunpaman, sa kabila ng mga benepisyong panlipunan nito, ang paggamit ng balbal ay maaari ring magdulot ng mga negatibong epekto sa malinaw at epektibong komunikasyon, pati na rin sa pag-unlad ng bokabularyo at paggamit ng pormal na wika. Sa konteksto ng Tiong Se Academy (TSA), kung saan ang mga mag-aaral ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang mga sitwasyon ng komunikasyon, mahalaga na siyasatin ang epekto ng paggamit ng salitang balbal sa kanilang kakayahan sa komunikasyon at pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik na ito, layunin ng pananaliksik na ito na magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga positibo at negatibong aspeto ng balbal, at upang bumuo ng mga rekomendasyon na maaaring magamit upang maisulong ang mas epektibong paggamit ng wika sa loob ng kaligiran ng paaralan, na nagpapahusay sa parehong kasanayan sa komunikasyon at akademikong pagganap.

**Paglalahad ng Suliranin at Hipotesis**

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang kalagayan ng mga balbal na pananalita ngayon lalo na't mas ginagamit na ito sa pang araw-araw na komunikasyon. Nais sagutin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na tanong sa ibaba:

1. Ano-ano ang mga balbal na salita o slang words ang karaniwan mong ginagamit?
2. Saan mo madalas nakukuha ang mga salitang ito?
3. Saan mo madalas ginagamit ang mga salitang ito sa tagpuang paaralan?
4. Gaano mo ito kadalas ginagamit?
5. Sa iyong palagay, ano ang epekto ng mga balbal na salita o slang words sa pang araw-araw na komunikasyon?

Matapos makuha ang mga sagot mula sa mga mag-aaral, ang 'null hypothesis' ng mga mananaliksik ay: walang epekto ang mga balbal na pananalita sa pang araw-araw na komunikasyon.

**Balangkas Konseptwal**

Ang paggamit ng google forms ang magiging paraan ng pananaliksik sa mga estudyante sa Junior High School. Sa paggamit ng isang sarbey ay makukuha ang kanilang mga tugon at karanasan ng maramihan. Maaari ring maikategorya ang kanilang mga sagot upang magkaroon ng maayos at limitadong datos.


Ang input-process-output o tinatawag na I-P-O ang paraan na gagamitin upang maipakita ang proseso ng pagsasarbey at pagsusuri sa pananaliksik na ito.

| INPUT | PROCESS | OUTPUT |
| --- | --- | --- |
| Gagawa ng sarbey para sa mga mag-aaral ng TSA | Pagsagot sa sarbey<br>Pagsusuri ng mga sagot | Gamit ang makukuhang sagot mula sa mga mag-aaral ay maaaring maipakita ang kahalagahan ng pag-iba ng wika at paggamit nito upang mas lalong mapadali at mapasaya ang pag-aaral ng mga kabataan lalo na sa kasalukuyang panahon. |

**Balangkas Teoretikal**

***Teoryang Sosyolinggwistika***

Ayon sa teoryang ito, naaapektuhan ang wika base sa kung sino ang nagsasalita, at kung sino ang kausap nila. Ayon kay Rui Cong (2023), kabilang na sa mga tinitignan nito ay ang estado nila sa buhay, pinag tapusan nila na pag-aaral, edad, at iba pa. Ang teoryang sosyolinggwistika ay maiuugnay natin sa pagsusuring ito dahil ang paksa nito ay umiikot din sa mga taong nagsasalita nito. Magkakaiba ang mga balbal na salita ng mga tao sa iba't-ibang panahon.




**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito hinggil sa pagsusuri ng balbal sa pang-araw-araw na komunikasyon ay may malawak na kahalagahan sa iba't ibang sektor ng lipunan, kung saan para sa mga

mag-aaral, ito ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa dinamikong katangian ng wika at ang papel ng balbal sa kanilang pakikipag-ugnayan, nagiging mas mulat sila sa kanilang pananalita at kritikal sa pagpili ng mga salita; para sa mga guro, ito ay magsisilbing gabay upang mas maunawaan ang mga mag-aaral sa makabagong henerasyon, nagiging mas epektibo ang komunikasyon at pagtuturo, at nagagabayan ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika; para sa mga mananaliksik sa hinahanap, ito ay magiging batayan o background na impormasyon para sa kanilang mga pag-aaral, nagpapalawak ng kaalaman tungkol sa balbal at nagbibigay-inspirasyon upang tuklasin ang iba pang mga aspeto nito; para sa lipunan, ito ay magbibigay ng dagdag na kaalaman tungkol sa pag-usbong at pagbabago ng wika, mas mauunawaan ang mga kultural at sosyal na dinamika, at itataguyod ang pagpapahalaga sa sariling wika at kultura; at para sa mga tagapagtaguyod ng wika, ito ay magbibigay ng impormasyon upang bumuo ng mga estratehiya para sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng wikang Filipino, ginagawang mas kaakit-akit at relevant ang wika sa kabataan, at tinutugunan ang mga negatibong epekto ng balbal sa pamamagitan ng edukasyon.

**Saklaw at Limitasyon**

Sinasaklaw ng pag-aaral na ito ang mga mag-aaral ng TSA at paggamit ng salitang balbal sa komunikasyon, kasama ang positibo at negatibong epekto nito, pag-unawa sa kultura at iba't-ibang uri ng wika sa kapaligiran ng mga mag-aaral, ang mga salitang balbal na ginagamit ng mga mag-aaral mula baitang apat hanggang anim, at ang pagiging hadlang nito sa wika ng mga estudyante.

Mayroon ding limitasyon ang pag-aaral na ito. Una, limitado lamang ang pananaliksik sa mga elementaryang mag-aaral ng TSA. Hindi kasama sa pag-aaral ang iba pang mga aspeto tulad

ng mga mag-aaral ng highschool, implikasyon sa sosyal na antas o identidad ng mga mag-aaral, at hindi rin sakop ang iba pang mga institusyon. Bukod pa rito, hindi tumutukoy ang pag-aaral sa iba pang mga detalye na maaaring hindi pa ginalugad, at limitado rin ito sa bilang ng mga respondante na hindi gumagamit ng Ingles o Pilipinong balbal.

**Kahulugan ng mga Termino**

Upang mas lalo pang maintindihan ang kabuuan ng pananaliksik na ito, narito ang kahulugan ng mga mahahalagang termino:

- **Wika -** lawas ng mga salitâ at sistema ng paggamit sa mga ito na laganap sa isang sambayanan na may iisang tradisyong pangkultura at pook na tinatahanan
- **Balbal -** gamit sa salita o pariralang itinuturing na hindi pormál at karaniwang ginagamit sa mababàng uri ng lipunan, gaya ng tinatawag na salitâng lansangan o salitâng palengke
- **Komunikasyon -** paraan o proseso ng pagpapahayag, pagbabahagi, o pagpapalitan ng idea, damdamin, impormasyon, at katulad, sa pama-magitan ng pagsulat, pagsasalita, o pagsenyas
- **Dinamiko -** tumutukoy sa pagiging pabago-bago o nagbabago sa paglipas ng panahon. Sa konteksto ng wika, nangangahulugan ito na ang wika ay patuloy na nagbabago batay sa pangangailangan ng mga gumagamit nito.
- **Kolokyal -** salitâng gamitín at hindi pormal ; wikang pang-araw-araw
- **Lingguwistika -** agham ng pagsusuri sa wika
- **Sosyolingguwistika -** isang larangan ng lingguwistika na nag-aaral sa relasyon ng wika at lipunan, kabilang ang paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto at grupo.
- **Akademikong Konteksto -** tumutukoy sa paggamit ng wika sa loob ng edukasyonal na sistema, tulad ng mga paaralan, unibersidad, at iba pang institusyong pang-edukasyon.

## Kabanata 2

## Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

### Lokal na Literatura

Ang sanaysay ni Monde (2022) ay nagbibigay ng impormasyon hinggil sa balbal na pananalita at maglaan ng mga halimbawa upang mas maintindihan ng mga mambabasa ang konsepto. Ayon dito ang balbal ay itinuturing na “slang” sa Ingles, mga salitang kalye, at ang sinasabi na pinakamababang antas ng ating wika. Ang mga salita na ito ay maaring pinaikli, pinagsama, hiniram, iniba ang baybay, o maikling salita na pinahaba.

### Lokal na Pag-aaral

Sa pag-aaral ni Noval (2021), nais niyang mailarawan ang karanasan ng mga partisipante sa paggamit ng balbal na pananalita sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Hinahanap niya ang nangungunang estruktura sa pagkakabuo ng mga makabagong salitang balbal, at ang kadahilanan ng pagsibol ng mga salitang ito.

Sa pagtatapos ng kaniyang pag-aaral, natuklasan niya na ginagamit ng mga kabataan ang mga balbal na salita bilang libangan at pakikisama o pakikisalamuha sa ibang mga tao. Pinapaikli, binabaliktad, at binabago nila ang ayos ng mga salita sa pakikipagtalastasan. Dagdag pa niya, ang mga pangunahing nakakaimpluwensiya ng mga balbal na salita ay ang teknolohiya, social media, mga kaibigan, at mga iniidolong artista. Ginamit niya ang Husserlian Descriptive Phenomenology at ang Colaizzi’s Seven Steps of Data Analysis sa pagkalap ng mga datos.

**Banyagang Literatura**

Ang salitang balbal ay nagpapayaman sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagiging tunay at lalim sa mga tauhan at kwento (Blogs - ryteUp, n.d.). Madalas gamitin ng mga manunulat ang balbal upang lumikha ng pakiramdam ng pagiging totoo, na ginagawang mas nauunawaan at sumasalamin sa mga partikular na grupo ng lipunan o panahon ang mga diyalogo at interaksyon. Sa pamamagitan ng pagsasama ng balbal, maaaring mahuli ng mga manunulat ang mga nuansa ng kolokyal na pagsasalita, na nag-aalok sa mga mambabasa ng mas nakaka-engganyong karanasan. Halimbawa, ang paggamit ng balbal ay maaaring malinaw na ilarawan ang kultural at sosyal na kapaligiran ng isang partikular na lugar, na nagpapahusay sa pag-unawa at koneksyon ng mambabasa sa kwento. Bukod dito, ang balbal ay maaaring magsilbing kasangkapan para sa pag-unlad ng karakter, na nagbubunyag ng mga katangian, pinagmulan, at kaugnayan sa pamamagitan ng kanilang natatanging bokabularyo. Ang estratehikong paggamit ng slang ay maaari ring magdagdag ng katatawanan, ironiya, o satira sa isang kwento, na nagdadala ng mga dagdag na kahulugan at nakakaengganyo sa mga mambabasa sa iba't ibang antas. Ang pagsasama ng balbal sa panitikan ay hindi lamang sumasalamin sa komunikasyon sa totoong mundo kundi nag-aambag din sa pag-unlad ng wika mismo. Habang ipinapakilala at pinapopularisa ng mga manunulat ang mga salitang balbal sa kanilang mga akda, unti-unti itong maaaring pumasok sa pangunahing wika. Ang dinamikong ugnayan sa pagitan ng panitikan at wika ay nagpapakita ng kapangyarihan ng malikhaing pagsusulat sa paghubog ng mga uso sa wika at pag-salamin ng mga pagbabago sa lipunan. Bukod dito, ang pag-aaral ng balbal sa mga tekstong pampanitikan ay nag-aalok ng mahahalagang pananaw sa mga historikal at kultural na konteksto kung saan nilikha ang mga gawaing ito. Ang pagsusuri ng paggamit ng balbal ay maaaring magbunyag ng mga saloobin, halaga, at mga dinamika ng lipunan na laganap

noong panahong iyon, na nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa akdang pampanitikan at ang kahalagahan nito.

**Banyagang Pag-aaral**

Ang mga pag-aaral sa sosyolinggwistika ay sumisiyasat sa papel ng balbal sa pagtukoy ng mga sosyal na pagkakakilanlan at pagmamarka ng mga pagkakaiba sa henerasyon (Quinn Russell, 2023). Ang pananaliksik sa larangang ito ay binibigyang-diin na ang balbal ay hindi lamang isang koleksyon ng mga impormal na salita kundi isang mahalagang bahagi ng kung paano ipinapahayag ng mga indibidwal ang kanilang pag-aari at pagkakaiba mula sa ibang mga grupo. Binibigyang-diin niya kung paano ang slang ng Gen Z ay lumilikha ng lumalaking agwat sa pagitan ng mga nakababatang henerasyon at mga nakatatanda, na nagpapakita na ang mga bagong termino ay mabilis na umuunlad kaya nahihirapan ang mga nakatatandang tao na makasabay. Ang agwat na ito sa pagitan ng mga henerasyon ay lalong lumalawak dahil sa laganap na paggamit ng mga plataporma ng social media tulad ng TikTok at Instagram, kung saan mabilis na kumakalat ang mga uso sa balbal at ang mga algoritmo ay nag-ayos ng nilalaman batay sa interes ng mga gumagamit, na nagdudulot ng magkakaibang karanasan online para sa iba't ibang pangkat ng edad. Sinusuri ni Adam Jason (2024) kung paano bumubuo ang bawat henerasyon ng kanilang natatanging slang upang ipakita ang kanilang mga halaga, karanasan, at ang mga teknolohiyang humuhubog sa kanilang komunikasyon (Isinulat ni Adam Jason, 2024). Binibigyang-diin ng mga pag-aaral na ang pag-unawa sa slang ng Gen Alpha at Gen Z ay maaaring magtulay ng mga puwang sa komunikasyon sa iba't ibang mga sitwasyon, kabilang ang lugar ng trabaho, sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng pagsasama at pagpapadali ng mas maayos na interaksyon (Rylin Green, 2023). Gayunpaman, ang paggamit ng slang ng mga

nakatatandang henerasyon ay minsang maaaring ituring na hindi tunay o hindi tapat, na nagdudulot ng mga komplikasyon sa lipunan. Ang pananaliksik sa sosyolinggwistika ay nag-iimbestiga rin kung paano ang mga salitang balbal ay lumilipat sa pangunahing wika, nawawala ang kanilang orihinal na pagkakaiba at nagiging bahagi ng pang-araw-araw na pagsasalita (98th Percentile Team, 2024).

## Kabanata 3

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa maraming uri ng deskriptibong pananaliksik, ginamit ang "*Descriptive Survey Research Design"* upang makalikom ng datos. Sa disenyong ito, mas mapapadali ang pagkalap sapagkat kailangan lamang ito ng talatanungan upang makuha ang mga opinyon ng mga napiling respondente. Maiiwasan nito na manghimasok sa mga ibabahagi ng mga mag-aaral. Tiyak na maibabahagi ang sarbey ng mabilis at magkaroon ng pantay na pakikipanayam.

### Pamamaraan ng Pagpili ng Respondente

Sa pagsisisyasat ng mga koneksyon at epekto ng balbal sa pang-araw-araw na komunikasyon ng mga estudyante, pinili namin ang *convenience sampling* bilang aming pamamaraan sa pagpili ng mga respondente. Ang convenience sampling ay isang non-probability sampling technique kung saan ang mga kalahok ay pinipili batay sa kanilang estado kung saan madali silang tanungin ukol sa konsepto at kagustuhang makilahok, na akma sa konteksto ng aming pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay nagbibigay-daan sa amin na mabilis at mahusay na makalikom ng datos, partikular na sa populasyon ng mga estudyante, dahil madali naming maabot ang mga indibidwal sa pamamagitan ng plataporma ng social media, silid-aralan, at mga aktibidad sa paaralan, kung saan nagtitipon ang mga estudyante. Dahil sa mga limitasyon sa oras at mga mapagkukunan na karaniwan sa akademikong proyekto, ang convenience sampling ay nagbibigay-daan sa amin na makakuha ng paunang pananaw sa paggamit ng balbal nang hindi kinakailangan ng mga kumplikadong sample frame. Gayunpaman, kinikilala namin na ang

paraang ito ay maaaring magdala ng mga potensyal na bias, dahil maaari itong magresulta sa labis na representasyon ng ilang mga grupong demograpiko sa aming sample, tulad ng mga estudyanteng mas palakaibigan yung mga aktibo sa mga social network.

| Baitang | Babae | Lalaki | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|
| **Baitang 7** | 10 | 4 | 14 |
| **Baitang 8** | 7 | 8 | 15 |
| **Baitang 9** | 11 | 8 | 19 |
| **Baitang 10** | 8 | 8 | 16 |
| **BILANG NG MGA MAG-AARAL** | | | **64** |

**Instrumentasyon**

Para sa pag-aaral na ito, ang instrumentong gagamitin ay isang *survey questionnaire* na naglalaman ng mga tanong tungkol sa pananaw ng mga mag-aaral na nasa sekondaryang edukasyon ng Tiong Se Academy sa Balbal na Pananalita sa Pang Araw-araw na Komunikasyon. Ang *questionnaire* ay naglalaman ng mga sumusunod na bahagi:

| | |
|---|---|
| **Link ng Survey:** | https://forms.gle/BQ34teusd9wuXXnbA |
| **QR Code ng Survey:** | |

**Tiong Se Academy, Inc.**
*708 Sta. Elena St., Binondo, Manila*
Senior High School

Sa aming mga respondente:

Magandang araw!

Kami ang mga mag-aaral mula sa Baitang 11 na kasalukuyang nagsasagawa ng pananaliksik tungkol sa **“Pagsusuri sa Balbal na Pananalita sa Pang Araw-araw na Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Tiong Se Academy Taong 2024-2025”** bilang bahagi ng pinal na pangangailangan sa asignaturang *“Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik”*.

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang kalagayan ng mga balbal na pananalita ngayon lalo na't mas ginagamit na ito sa pang araw-araw na komunikasyon.

Kaugnay nito, kinakailangan naming mangalap ng datos na makatutulong upang maging matagumpay ang nasabing pag-aaral. Hinihiling naming sagutan niyo nang buong katapatan ang inihandang sarbey. Tinitiyak naming ang mga impormasyong inyong ibabahagi ay hindi malalaman ng sinuman kundi tanging ang mananaliksik lang ang nakakaalam.

Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,

Mark Bricks M. Gamba
Lixaowie A. Cua
Veron Philip T. Basilio

*Baitang 11 - HUMSS & STEM*
*Senior High School*
*Tiong Se Academy, Inc.*

Binigyang pansin ni:

G. Bench Febra
*Guro*

**"Pagsusuri sa Balbal na Pananalita sa Pang Araw-araw na Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Tiong Se Academy Taong 2024-2025"**

**Pangalan:** ____________________ **Baitang:** ____________________
**Edad:** ____________________ **Kasarian:** ____________________
**Lahi:** ____________________

**Panuto:** Lagyan ng Tsek ✔ ang napiling sagot. Ipaliwanag ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga balbal na salita o ***slang words*** karaniwan mong ginagamit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Saan mo madalas nakukuha ang mga salitang ito?

   ☐ Sa internet
   ☐ Sa mga kaibigan
   ☐ Sa guro
   ☐ Sa magulang
   ☐ At iba pa
   ____________________

3. Saan mo madalas ginagamit ang mga salitang ito sa paaralan?

   ☐ Pakikipag-usap sa kaklase
   ☐ Pakikipag-usap sa guro
   ☐ Paggawa ng takdang-aralin
   ☐ At iba pa:
   ____________________

4. Gaano mo ito kadalas ginagamit?

   ☐ Lagi
   ☐ Madalas
   ☐ Paminsan-minsan
   ☐ Bihira
   ☐ Hindi kailanman

5. Sa iyong palagay, ano ang epekto ng mga balbal na salita o ***slang words*** sa pang araw-araw na komunikasyon?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

**Pamamaraan sa Pagkalap ng Datos**

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng sarbey sa pagkalap ng mga datos mula sa mga mag-aaral ng ikapito hanggang ikasampung baitang. Ipinasagot ang talatanungan na ito noong Marso 10-11, 2025. Ang sarbey ay isang instrumento na ginagamit sa pagkuha ng mga sagot mula sa isang grupo ng mga tao. Ito ay binubuo ng mga tanong na may kaugnayan sa napiling paksa. Ang talatanungan ay ginawa *Google Forms* at ipinasagot ito sa mga taong kayang magsagot nito. Karamihan sa mga katanungan ay kaugnay sa mga iba't-ibang mga balbal na salitang ginagamit nila sa pang araw-araw nilang komunikasyon.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Susuriin ang mga makukuhang sagot sa pamamagitan ng pag-ugnay nito sa isa't-isa. Kung paano nila ginagamit ang mga balbal na salita sa komunikasyon, at kung gaano kadalas nila ito ginagamit. Ang mga makakalap na datos ay pagsasama-samahin upang makabuo ng isang konklusyon.

## Kabanata 4


## Presentasyon, Analisis, at Interpretasyon ng mga Datos

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga resulta mula sa isinagawang sarbey sa mga mag-aaral sa mula sa Ikapito hanggang Ikasampung Baitang ng Tiong Se Academy taong 2024-2025. Dito malalaman ang paggamit ng mga balbal na salita ng mga respondente.

**Pigura Bilang 1**


**"Profayl ng mga Respondente"**

### A. Edad





Batay sa tsart, marami sa mga sumagot ay nasa edad 15 na may 29.8%. Sinundan ito ang edad 14 na may 21.1%, 16 na nay 19.3%, 13 na may 17.5%, 17 na may 5.3%, 18 at 12 na may 3.5%.

## B. Baitang





Ayon sa tsart, ang pinakamaraming sumagot na mag-aaral ay nagmula sa Baitang 9 na may 29.8%. Sinundan ito ng Baitang 8 at 10 na may 24.6% at Baitang 7 na may 21.1%.

## C. Lahi




Batay sa tsart, karamihan sa mga respondente ay mayroong lahing Filipino-Chinese na may 49.1%. Sinundan ito ng Chinese na may 26.3% at Filipino na may 24.6%.

**D. Kasarian**




Ayon sa tsart, mayorya ng mga sumagot ay ang mga kalalakihan na may 52.6%. Sinundan ito ng mga kababaihan na may 47.4%.

**Pigura Bilang 2**


**“Mga Ginagamit na Balbal na Pananalita ng Baitang 7-10”**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Bakit | Waswas | Baliw | Pare | Mekus mekus |
| Edi-Wow | Hatdog | Arat Na | Kupal | Monggi |
| Bro | Chismis | Tsismis | Omsim | Juding |
| Erpats | Fr | Slayable | Ante | Char |
| Eme | Chika | Po | Ermat | Monggoloid |
| Charot | Hayst | Teacheraka | Anyare | Keri |
| Sah | Omg | Lol | Btw | Cap |
| Nonce | Prick | Frfr | IYKYK | Tol |
| Lods | Chill | Peksman | Mapa ko | Bruh |
| Jinx | Huzz | Rizz | Bish-ahh | Ermat |
| Epal | Eyy | Desurv | Sobrang Latina | Beh |
| Iyk | Chariz | Yawa | Budoy | Skibidi |
| Oms | Cutesy | Vibe | Opo | Gesi |
| Syota | Yosi | Ate | Eabab | Ekalal |
| Oat | Sigma | Gyatt | Kineme | Sana ol |
| Astig | Bayot | Marites | Demure | Cringe |
| Cuepal | Yarn | Hindi ako gumagamit ng balbal na salita | | |

Mula sa talahanayan sa itaas, makikita na marami at iba-iba ang mga ginagamit na balbal ng pananalita. Mayroon ditong mga nagbabaliktad lamang ng mga titik o pantig ng mga salita katulad ng “eabab/ekalal”, “gesi”, “arat na”, at iba pa. Mayroon ding mga salitang sadyang may pinapahiwatig na sariling kahulugan, kabilang na dito ang mga salitang “kineme”, “marites”, “budoy”, at iba pa. Makikita rin na karamihan ng mga salita dito ay ingles o pinaghalo na tinatawag ring “taglish” kagaya ng “jinx”, “rizz”, “Sana ol/all”, at marami pa. Pinapahiwatig nito na ang paghahalo ng lenggwahe ay nagiging paraan na rin ng komunikasyong pangkaraniwan.

**Pigura Bilang 3**


**“Pinagmulan ng Mga Balbal na Pananalita na Ginagamit ng Baitang 7-10”**




Ang mayorya ng respondente ay nagsasabing nakuha nila ang mga balbal na salitang nalalaman sa internet at sa kanilang mga kaibigan. Ipinapakita nito na ang pag-usbong ng mga pananalita ay kadahilanan ng sosyalismo na mas lalo pang pinayabong ng internet gamit ang mga *social media* at iba pang plataporma.

**Pigura Bilang 4**


**"Tagpuan ng Paggamit ng mga Balbal na Salita ng Baitang 7-10"**




Halos lahat ng nagtala ay nagsaad na madalas nilang nagagamit ang mga nasabing salita sa pakikipag-usap sa kaklase o kaibigan. Dito nagrereplekta na pang impormal na komunikasyon ang primaryang kagamitan nito.

**Pigura Bilang 5**

**“Kadalasan ng Paggamit ng Baitang 7-10 sa Mga Balbal na Salita”**




Lagpas kalahati ng mga estudyanteng sumagot ay pumili ng “lagi” o “madalas” pagdating sa kadalasan ng paggamit ng balbal na pananalita. Ipinapakita nito na nagiging parte na ang mga salitang ito sa pang araw-araw na pakikipag-usap nila.

**Pigura Bilang 6**

**“Epekto ng Balbal na Pananalita sa Pang Araw-araw na Buhay ng Baitang 7-10”**

| Positibong Epekto ng Balbal na Salita |
|---|
| ● Mas naiintindihan ang isa't isa.<br>● Mas nagiging masaya ang komunikasyon.<br>● Mas mabilis na paraan ng paghahatid ng mensahe.<br>● Ginagawang maikli at mas masigla ang usapan.<br>● May positibong epekto sa pagsasama-sama ng tao.<br>● Mas nagpapasaya ng pakikipag-usap.<br>● Mas mabilis ang komunikasyon, kaya walang nasasayang na oras.<br>● Pinapadali ang pagpapahayag ng nararamdaman.<br>● Nagbibigay ng pakiramdam na malapit sa kausap.<br>● Nakakabuti sa pang-araw-araw na pagsasalita.<br>● Cool lang, nakaka-relax.<br>● Tumutulong sa pagpapalakas ng koneksyon at paglaki ng bokabularyo.<br>● Nakakapagpasaya ng pangungusap.<br>● Mas nagiging epektibo ang komunikasyon at pagpapahayag ng sarili.<br>● Mas madaling makipag-usap sa mga kaibigan.<br>● Nakakatulong ito.<br>● Pinapabilis ang pag-uusap sa kapwa kabataan.<br>● Mas madaling alalahanin at gamitin.<br>● Pinapadali ang pakikipag-usap sa iba.<br>● Pinapaganda ang komunikasyon at lumalawak ang pang-unawa.<br>● Mas madali at maginhawa gamitin sa araw-araw. |
| **Negatibong Epekto ng Balbal** |
| ● Minsan may mga negatibong salita sa balbal na nakakaapekto sa damdamin ng iba.<br>● Pwedeng magbago ang ugali mo at ng kausap mo.<br>● Maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan.<br>● Mas nagiging komplikado ang komunikasyon.<br>● Maaaring makahadlang sa malinaw at epektibong komunikasyon.<br>● Minsan, nakakasama ito sa iba.<br>● Nakakasanayan gamitin, kaya maaaring makaapekto sa pormal na usapan.<br>● Hindi agad naiintindihan ng matatanda.<br>● Nawawala ang paggamit ng Tagalog.<br>● Minsan nagiging normal na.<br>● Nakakaapekto sa pang-araw-araw na pag-uusap.<br>● Nakakapagbago ng pananaw ng tao sa pakikipag-usap.<br>● Minsan, itinuturing na pangit pakinggan, kaya napapagalitan ng magulang.<br>● Ginagamit ng kabataan dahil iniisip nilang astig o cool ito.<br>● Maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan kung hindi pareho ng istilo ng pakikipag-usap. |

| |
|---|
| ● Minsan, nagagamit ito sa paaralan, kaya maaaring mahirap mawala ang pormal na pagpapahayag.<br>● Mas madalas nang gamitin kaysa sa pormal na wika.<br>● Ang epekto ng balbal ay ngayon madalas na tayo gumagamit ng mga balbal kaysa sa mga totoong mga salita.<br>● Para sa iba, ito ay nakakabawas sa kalidad ng komunikasyon.<br>● Minsan ito ay makakasama sa tao. |
| **Neutral o Walang Epekto**<br><br>● Walang epekto<br>● Sa tingin ko, wala.<br>● Wala naman, nakakatawa lang gamitin.<br>● Appropriate, Suitable, and Formal<br>● Malupit<br>● Better Insults<br>● kapalit ng ilang salita<br>● basta mabilis mag-komunikasyon para wala nang nasasayang na oras |

Sa kabuuan ng mga pahayag, ang positibong epekto ng balbal na pananalita ay ang kadalian, kaaliwan, at pagiging komportable sa paghiwatig ng nararamdaman. Sa negatibong epekto naman, nagiging hadlang daw ito sa epektibong komunikasyon sapagkat maaaring hindi magkaintindihan, hindi kaaya-aya ang mga salita, o makakasira ito sa pormal na pananalita.

## Kabanata 5

## Mga Natuklasan, Konklusyon at Rekomendasyon

### Natuklasan

- Maraming klase ng mga balbal na salita: pinaglalaruan na mga titik at pantig, may sariling kahulugan, o paghahalo ng lenggwahe.
- Madalas makuha ang mga balbal na salita sa internet at mga kaibigan.
- Ang mga balbal na salita ay madalas gamitin sa pakikipag-usap sa kaibigan.
- Ang positibong epekto ng balbal na pananalita ay ang kadalian, kaaliwan, at pagiging komportable sa paghiwatig ng nararamdaman.
- Ang negatibong epekto ng balbal na pananalita ay nagiging hadlang ito sa epektibong komunikasyon sapagkat maaaring hindi magkaintindihan, hindi kaaya-aya ang mga salita, o makakasira ito sa pormal na pananalita.

### Konklusyon

- Ang balbal ay isang masigla at pabagu-bagong aspeto ng wika, ito rin ay may malawak na impluwensya sa pang-araw-araw na komunikasyon. May kakayahan itong magtaguyod ng komunidad, ipahayag ang pagkakakilanlan, at magdagdag ng katatawanan sa mga pag-uusap , ito’y  nagpapakita ng kahalagahan sa paghubog ng mga interaksyong panlipunan. Gayunpaman, ang potensyal para sa maling komunikasyon, eksklusyon, at mga pananaw ng kawalang-propesyonalismo ay nangangailangan ng masusing pag-unawa sa mga limitasyon ng balbal at angkop na konteksto nito. Sa kasalukuyang panahon na nakapokus sa pakikipag-ugnayan at teknolohiyang digital,

kung saan ang mga plataporma ng social media ay nagpapabilis ng pagkalat ng balbal at paghaluin ang mga hangganan ng wika, ang mga implikasyon ng paggamit ng balbal ay lalong lumalakas. Ang pag-unawa sa gamit ng salitang balbal, samakatuwid, ay hindi lamang isang simpleng kuryusidad sa wika; ito ay nagiging mahalaga para sa pagpapalakas ng epektibong komunikasyong pangkultural, pagtataguyod ng inklusibidad, at pagkontrol sa mga kumplikadong interaksyon sa lipunan sa iba't ibang konteksto. Bukod dito, habang patuloy na umuunlad at umaangkop ang balbal sa mga bagong uso sa lipunan at mga makabagong teknolohiya, kinakailangan ang patuloy na pananaliksik at kritikal na pagsusuri upang lubos na maunawaan ang epekto nito sa wika, kultura, at lipunan. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa balbal nang may pag-usisa at pag-iingat, maaari nating gamitin ang kakayahan nito upang kumonekta, magpahayag, at makipag-ugnayan sa makabuluhang diyalogo sa iba't ibang sosyal na konteksto, habang nananatiling maingat sa mga potensyal na panganib nito at nagsusumikap para sa kalinawan at inklusibidad sa ating mga gawi sa komunikasyon. Sa huli, ang isang kritikal at may kaalamang pananaw sa balbal ay nagbibigay-daan sa atin upang pahalagahan ang gamit at pagkamalikhain nito, habang pinapababa rin ang potensyal nito na lumikha ng mga hadlang at hindi pagkakaintindihan sa isang ummunlad na mundo.

**Rekomendasyon**

- Upang malampasan ang mga komplikasyon, ilang rekomendasyon ang mahalaga. Una, maging mabatid sa konteksto, maingat na suriin ang sosyal na kapaligiran, madla, at layunin bago gumamit ng balbal. Sa mga pormal o propesyonal na sitwasyon, iwasan ang balbal at gamitin ang malinaw at pamantayang wika. Pangalawa, magpraktis ng pagiging

sensitibo sa kultura. Dahil ang balbal ay madalas na nagmumula sa mga partikular na grupo, mag-ingat sa paggamit ng mga termino mula sa mga komunidad na hindi mo kinabibilangan. Ang pag-unawa sa mga pinagmulan at konotasyon ng mga salitang balbal ay maaaring makaiwas sa hindi sinasadyang pagkakasala at magtaguyod ng respeto. Pangatlo, makinig nang mabuti at humingi ng paglilinaw upang mabawasan ang hindi pagkakaintindihan. Kapag nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal mula sa iba't ibang kalagayang panlipunan, bigyang-pansin ang mga di-berbal na senyales at magtanong upang matiyak ang pag-unawa. Sa wakas, magpakatatag sa panghabang-buhay na pag-aaral, manatiling updated sa mga umuusbong na uso sa wika.

## Bibliograpiya

Jeel Monde. (2022). Balbal Na Salita (Ano Ang Balbal At Mga Halimbawa) - Philnews.ph. https://philnews.ph/2022/10/07/balbal-na-salita-ano-ang-balbal-at-mga-halimbawa/

Noval, A. T. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 1-12.

Noguerra, R. J., Ciruela, D.M., Benitez, M.J., Buo, M. J., Escobar, J.L (2024). Pamamaraang Paggamit Sa Mga Salitang Balbal Ng Mga Kabataang Gen Z: Isang Elektronikong Pagsusuri.

Rylin Green. (2023). IYKYK:Unraveling the Secrets of Slang-BYU College of Humanities.

Russell, Q. (2023). Gen Z slang deepens generational divide.

98thPercentile Team. (2023). Slang and Informal Language's Effect on Everyday Life. Written by Adam Jason. (2024). Generation Slang:Can You Decode What Gen Alpha and Young Gen Z Are Saying?

ryteUp(2024). The Use of Slang in Modern English